

Leksikal na Pagsusuri sa mga Dayalek sa mga Piling Bayan ng Southern Leyte, Philippines

(Lexical Analysis of Dialects in Selected Towns of Southern Leyte, Philippines)

Gremerlyn Goring

Libas National High School
Libas, Sogod, Southern Leyte, Philippines

Kathlenn G. Regaton

Libas National High School
Libas, Sogod, Southern Leyte, Philippines

Racquel A. Toong

Waterloo National High School
Waterloo, Matalom, Leyte Philippines

Abstract- This study aims to investigate the lexical structure of Southern Leyte dialects. This study employed a qualitative descriptive design to describe the lexical structure of the dialect in a selected Southern Leyte municipalities. Ninety respondents were gathered by the researchers. The researchers had created two instruments. The interview and word list. It was discovered that the Leyte dialect has both independent and non-independent morphemes. The noun, verbal, and adjective suffixes are examples of the many types of suffixes found in the dialect. The Southern Leyte dialect has three word structures: simple, derivation, and repetition. It also has three parts of speech: noun, pronoun, verb, and adjective. The suffixes **-an** and **ka-** are noun suffixes. The suffixes **mag-**, **i**, **-an**, and **gi-** are verb suffixes, and the suffixes **ma-**, **-an**, **-in** and **-un** are adjective suffixes. There are suffixes in Southern Leyte belonging to nouns, verbs, and adjectives that are not found in Filipino. Because of continuous interaction and communication with members of a group or community, the word of a group of people acquires characteristics that are different from members of other groups or communities. This is also a result of their disparate environments, interest, and modes of expression. With their unique lexical features, native languages like Southern Leyteñong Binisaja can serve as valuable supplemental teaching resources for Mother Tongue-Based Learning Education.

Keywords- derivation; repetition; simple; structure; suffixes

Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ay masuri leksikal na estruktura sa mga dayalek ng Southern Leyte. Kwalitatibong palarawang disenyo ang ginamit sa pag-aaral na ito upang maipaliwanag ang leksikal na estruktura ng dayalek sa mga piling bayan ng Southern Leyte. May 90 na mga kalahok ang kinuha ng mga mananaliksik. Dalawang instrumento ang inihanda ng mga mananaliksik. Ang wordlist at panayam. Natuklasan sa pag-aaral na ang dayalek ng Leyte ay napapalooban ng malayang morpema at di-malayang morpema, sa anyo ng panlapi may mga panlaping napabilang sa panlaping makangalan,

panlaping makadiwa at panlaping makauri. May tatlong kayarian ng salita; payak, maylapi at inuulit at nakikitaan ng tatlong bahagi ng pananalita ang pangngalan, panghalip, pandiwa at pang-uri. Ang panlaping **ka-** at **-an** ay mga panlaping makangalan. Ang panlaping **ma**, **-an**, **-in** at **-un**, ay panlapi ng Southern Leyte na napabilang sa makauri at ang panlaping **mag-**, **i**, **-an** at **gi-** ay mga panlaping makadiwa. Sa kabuuan may mga panlapi sa Southern Leyte na napabilang sa makangalan, makadiwa at makauri na hindi matatagpuan sa Filipino. Dahil sa tuloy-tuloy na interaksyon at pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng isang grupo o komunidad nagkakaroon ng mga katangian ang salita ng isang pangkat ng tao na naiiba sa mga miyembro ng ibang grupo o komunidad. Dahil na rin ito ng magkaibang interes, kapaligiran at ekspresyon ng isa't isa. Ang mga kinagisnan na wika tulad ng Southern Leyteñong Binisaja ay may kanya-kanyang leksikal na katangian na angkop gamitin bilang suplementaryong kagamitan sa pagtuturo ng Mother Tongue Based Learning Education.

MGA SUSING SALITA:

makadiwa; makauri; makangalan; malayang morpema; maylapi

Introduction

Wika ay itinuturing na pinakamahalagang regalo ng Maykapal sa tao. Wika ang instrumentong ginagamit ng tao upang maipahayag ang kanyang niloob, naisip at mga adhikain sa buhay. Ayon kina Borong (2019) at Borong (2022), bawat wika ay may kanya-kanyang katangian. Sa pag-aaral na ito binigyan-diin ang leksikal na pagsusuri ng wika sa mga piling bayan ng Southern Leyte. Ang baryasyong leksikal ay isang realidad at kalidad ng wika ng pagbabago ng mga salita at pagiging tiyak nito batay sa pakikisalamuha ng tao sa kanyang araw-araw na pakikipagtalastasan sa kapwa. Likas na kaakibat ng wika ang varayti at leksikal nito gawa ng iba't ibang pinagmulan at kakayahan ng komunidad pangwika ngunit napakahirap sa isang lalawigan na may isang wikang ginagamit sa lahat subalit may pagkakataon pa rin na hindi nagkakaunawaan dulot ng iba-ibang katawagan.

Ito ang dahilan kung bakit naudyok ang mga mananaliksik na binuo ang pag-aaral na ito. Dahil sa ilang taong pagtuturo ng wika partikular sa leksikal at estruktura ng wika, marami sa mga mag-aaral ang magdebate sa terminolohiyang ginamit ng mananaliksik. Binigyan-diin ng mga mananaliksik ang wika ng Southern Leyte sa tuwing tinalakay ang kayarian ng salita, morpolohikal na estruktura, at iba pa, personal na napansin ng mga mananaliksik na ang kanilang mga mag-aaral may baryasyon na katawagan at estruktura nito.

Kasimbilis ng mga pagbabago sa buhay ang bilis ng pagbabago sa wika. Walang tigil ang pagbabago sa wika dahil walang tigil ang pagbabagong kinalalagyan at kinikilusan ng taong gumagamit nito. Umaasa at naniniwala ang mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay kapakipakinabang sa mga kinauukulan ng Departamento ng Edukasyon bilang tugon sa programa ng K to 12 kurikulum partikular sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Higit sa lahat umaasa ang mga mananaliksik na ang mga nalikom na mga dayalekto o katawagan ay maisaisip at maipreserba ng mga mag-aaral ang kinagisnang wika.

Sa obserbasyon ng mga mananaliksik sa loob kanilang silid-aralan ang kinagisnang wika ay unti-unti ng mailibing sa limot sa isipan ng mga kabataan dahil ang laging naririnig ng mga mananaliksik ay wikang milenyal at GenZ kaya hindi maipagkaila kung bakit naging dayuhan sila sa kanilang kinagisnang wika.

Ang wika ng Leyte ay tinawag na Lineyte-Samarnon Visayan. Lineyte sapagkat may ilang bayan na "Bisaya o Binisiya" ang wikang ginamit at ang ilang bayan ay "Waray" ang wikang ginamit. Ang lalawigan ng Southern Leyte ay binisaja o Leyteñong Binisaja ang wikang ginamit.

Sa pag-aaral na ito, hangarin ng mga mananaliksik na lubusang maunawaan ng taga-Leyte ang varyasyong leksikal ng wikang Leyteño nang sa ganoon malilinang ang kaalaman ng mga katutubong mananalita lalo na sa mga kabataang nahuhumaling sa mga napapanahong terminolohiyang wikain. Higit sa lahat ang pag-aaral na ito ay paraan para maipreserba ang mga lokal na wikain.

RESEARCH OBJECTIVES

Isang leksikal na pagsusuri sa mga dayalek sa mga piling bayan ng Southern Leyte, Philippines.

RESEARCH METHODOLOGY

Kwalitatibong palarawang disenyo ang ginamit sa pag-aaral na ito upang maipaliwanag ang leksikal na estruktura ng dayalek sa mga piling bayan ng Southern Leyte. May 90 na mga kalahok ang kinuha ng mga mananaliksik mula sa bayan ng Padre Burgos, Malitbog, Tomas Oppus, Bontoc at Sogod. Mga kalahok na may edad 65 na



taong gulang pataas. Minarapat ng mananaliksik na pinili ang mga kalahok na may edad 65 pataas na likas na nakatira sa kanilang lugar dahil naniniwala ang mga mananaliksik na ang mga kalahok na pinili ay malalim ang kanilang kaalaman at karanasan sa wikang kinagisnang at hindi sila gaanong naimpluwensiyahan o nailantad sa mga makabagong paraan ng pagsasalita sa kasalukuyan. "Referral technique" o "snowball technique" ang paraan ng pagpili ng kalahok na kung saan kumuha ng "key informant" ang mga mananaliksik na siyang nagbigay ideya sa mga mananaliksik kung sino ang kuring mga kalahok sa pamamagitan ng "probability sampling". Ang mga bayang pinili ng mga mananaliksik ay magkalapit lamang. Southern Leyteñong binisaja ang ginamit na wika sa bayang ito.

Dalawang instrumento ang inihanda ng mga mananaliksik. Ang unang instrumento, ay naghanda ng *wordlist* ang mga mananaliksik naglalaman ng mga salitang karaniwang ginagamit ng mga tao sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, sa kanilang pamumuhay at sa trabaho. Ang mga natalang salita (*wordlist*) ay kumunsulta ang mga mananaliksik sa mga gurong nagtuturo sa MTB-MLE kung anong mga kinagisnang wika ang binigyan-diin sa asignaturang "Mother tongue" sapagkat ang hangarin ng pag-aaral na ito ay magagamit ang nabuong awtput sa mga gurong nagtuturo ng Mother Tongue partikular sa mga paaralan ng Padre Burgos, Malitbog, Tomas Oppus, Bontoc at Sogod, Southern Leyte. Ang mga salitang ito ay kadalasang ginamit ng mga kalahok sa panahon nang nakikinayam at nakikipagtalastasan ang mga mananaliksik sa kanila kaya ito ay isa rin ang basehan sa pagpili ng mga salita. Ang pangalawang instrumentong ginamit ay nagsagawa ng panayam ang mga mananaliksik sa mga kalahok na ang mga katanungan ay tungkol sa paraan ng pamumuhay, pakikipaghalubilo sa kapwa at mga kultura at tradisyon ng mga mamamayan.

Sa ginawang pagkalap ng datos, matapos nakipaglagayang-loob sa mga kalahok, ipinasagot ng mga mananaliksik ang unang instrumento (*wordlist*). Hindi iniwan ng mga mananaliksik ang mga kalahok habang sinagot ang mga salita upang tumulong kung may problema o mga salitang hindi malinaw sa kanila. Para naman sa pakikipanayam, ginawa ito sa paraang impormal upang hindi nag-atubiling nagbigay ang mga kalahok sa mga kasagutan. Ginawa ang pakikipanayam sa mga bakanteng oras ng mga kalahok.

Pagkatapos naipasagot ang mga *wordlist* at interbyu inihanda ng mga mananaliksik ang mga kalahok para sa "Focus Group Discussion" (FGD). Inalam ng mananaliksik ang kanilang mga bakanteng araw at oras saka pa ginawa ang FGD. Sa "Focus Group Discussion" naghanda ang mga mananaliksik ng "video recorder" para sa kasagutan ng mga kalahok sa mga katanungan. Sa ginawang FGD paraan din ito upang maibalida (validate) ang kaangkupan ng terminong naisaliksik.

THE FORMULATION AND DISCUSSION

Leksikal na Pagsusuri sa Southern Leyteñong Binisaja

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang mga piling salitang nakalap mula sa mga piling bayan ng Southern Leyte. Ang mga salitang inilarawan sa talahanayan ay mga iba't ibang tawag sa isang bagay, pangyayari, at iba pa.

Talahanayan 1: Leksikal na Pagsusuri sa Southern Leyteñong Binisaja

Filipino	Southern Leyteñong Binisaja	Uri ng Morpema		Anyo ng Panlapi	Kayarian ng Salita	Bahagi ng Pananalita
		Malayang Morpema	Di-malayang Morpema			
alam	kahibawu	hibawu	ka-	makangalan	maylapi	pangngalan
binato	gibunu	buno	gi-	makadiwa	maylapi	pandiwa
bumuo	mag-umol	umol	mag-	makadiwa	maylapi	pandiwa
bunso	kinamanghuran	manghud	-in, ka-, an	makauri	maylapi	pang-uri
bulas	buhu	buhu	-	-	payak	pangngalan
dahan-dahan	hinay-hinay	hinay	-	-	inuulit	pang-uri
duwag	hadlukan	hadluk	-an	makauri	maylapi	pang-uri
ingay	banha, saba	banha	-	-	payak	pang-uri
inyo	inju	inju	-	-	payak	panghalip
itapon	ilabug	labug	i-	makadiwa	maylapi	pandiwa
kanya	ija	ija	-	-	payak	panghalip
kumot	habul	habul	-	-	payak	pangngalan
lagayan	butangan	butang	-an	makadiwa	maylapi	pandiwa
maalahanan	paawan	paaw	-an	makauri	maylapi	pang-uri
madamot	dahut dawu	dahut	-	-	payak	pang-uri
mahilig pumunta sa kainan	manugiay	nugi	ma-, ay	makauri	maylapi	pang-uri
maingay/palasalita	jawitan	jawit	-an	makauri	maylapi	pang-uri
maitim	itumun	itum	-un	makauri	maylapi	pang-uri
mapurol	habul	habul	-	-	payak	pang-uri
matakot	buraho	buraho	-	-	payak	pang-uri
mayaman/maykaya	sapijan	sapi	-an	makauri	maylapi	pang-uri
niyugan	kalubian	lubi	ka-, -an	makangalan	maylapi	pangngalan
sinaniban	gisapian	gisapian	-	-	payak	pandiwa
siya	sija	sija	-	-	payak	panghalip

Ang Talahanayan 1 ay naglalahad kung nasa anong uri ng morpema, anyo ng panlapi, kayarian ng salita at bahagi ng pananalita ang mga piling salita ng Southern Leyte. Ipinakita sa talahanayan na ang dayalek ng Padre Burgos, Malitbog, Tomas Oppus, Bontoc at Sogod, Southern Leyte ay may malayang morpema na tinatawag na salitang-ugat at di-malayang morpema na tinatawag na panlapi. May mga salitang maaring bigkasing mag-isa at di laging nakadikit sa iba pang morpema. May mga morpema ring tinatawag na di-malaya dahil nakakabit sa ibang morpema. Tinatawag na 'affix' o panlapi ang mga morpemang nakakabit sa malayang morpema.

Nakikitaan din na may tatlong anyo ng panlapi. Ang panlaping makangalan, makadiwa at makauri. Ang panlaping makangalan ay tumutukoy sa mga panlaping makalangan ang panlaping makangalan ay mga panlaping ikinabit sa malayang

morpema na ang panlaping ito ay ginagamit sa pagbuo ng salita na maging pangngalan (Alvarado, Bacalla at Largo, 2018). Ang panlaping *pag-*, *ka-*, *-an*, *han-*, *pag-*, *mag-*, *hin-*, *-in* at *ka-*. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang dayalek ng Southern Leyte ay nakitaan ng panlaping makangalan tulad ng *ka-* (*kahibawu*), at *-an* (*kalubian*). Ang salitang *kahibawu* ay mula sa malayang morpema na *hibawu* na nagsasaad ng kilos o pandiwa nang ikinabit ang panlaping *ka-* ay naging pangngalan dahil naglalahad ito ng pagkakaroon ng sapat na kaalaman. Ganoon din ang salitang *kalubian* na naging pangngalan dahil sa ikinabit sa panlaping *ka-* at *-an*. Ang panlaping makauri ayon kay Olavario (2019), ay mga panlaping ikinabit sa salitang-ugat na magsasaad ng paglalarawan. Ang halimbawa nito ay ang panlaping *ma-*, *maka-*, *mala-*, *mapag-*, *mapang-/mapan-/mapam*, *pala-*, *pang-/pan-*, *pam-*, *-in*, at *-hin*. Ang paliwanag ni Olavario (2019) ay nagpapalinaw na magkaiba ang tuntunin sa paggamit ng panlapi sa bernakular na katawagan at sa Filipino. Ito ay pinatunayan sa resultang ito dahil ipinakita sa talahanayan na ang *ma-*, *-an*, *-in* at *-un*, ay panlaping makauri. Ibig sabihin ang panlapi ng wika o dayalekto ng Southern Leyte ay hindi lamang *ma-*. Ang panlaping *-an*, *-in*, at *-un* ay mga panlaping makangalan din. Ang salitang itumun ay naglalarawan sa kung anong klaseng kulay ang isang bagay o kaya'y ang isang tao, *jawitan* ay naglalarawan sa pagiging madaldal ang isang tao at ang salitang *kinamanghuran* (pinakabunso) ay naglalarawan kung pang-ilan ang tao sa kanilang magkapatid. Ang mga salitang ito ay pawang napabilang sa pang-uri.

Ang panlaping *mag-*, *i-*, *-an*, *gi-* ay mga panlapi ng wika ng Southern Leyte na napabilang sa panlaping makadiwa. Ang *mag-*umol, *gibunu* at *ilabug* ay parehong nagsasaad ng kilos.

Mapapansin may ilang panlapi ng wikang Southern Leyte na hindi napabilang sa panlaping makadiwa sa Filipino. Ayon nina Pelesco (2021) at Lachica (2007), tinatawag na panlaping makadiwa ang mga panlaping ikinakabit sa salitang-ugat upang mabuo ang pandiwa. Ito ay idinagdagdag sa unang gitna o hulihan ng salita. Ang panlaping *-um*, *nag-*, *-in*, *-hin*, ay mga halimbawa ng panlaping makadiwa.

Sa halimbawang ipinakita sa talahanayan ang panlaping *gi-*, *-an* ay napabilang sa panlaping makadiwa dahil ito ay nangangahulugan ng pagkilos. Tulad ng *gihimu* (ginawa), *butangan* (lagyan) ay mga salitang nagsasaad ng kilos.

Malinaw ring ipinakita sa talahanayan na napapalooban ng tatlong kayarian ang mga salitang nakalap. Ito ay ang payak, maylapi at inuulit. Ang salitang *burahu*, *buhu* at *inju* ay ilan sa mga halimbawa sa payak na salita. Ang *kahibawu*, *gibuno* at *mag-umol* ay ilan sa mga halimbawang salitang maylapi at ang salitang *hinay-hinay* ay napabilang sa inuulit na salita. At ang mga salitang nakatala sa Talahanayan 1 ay nakitaan na may apat na bahagi ng pananalita. Ang pangngalan (*kahibawu*, *kalubian*), panghalip (*ija*, *inju*, *sija*), pandiwa (*mag-umol*, *gibuno*,

ilabug) at pang-uri (hadlukan, paawan, jawitan, itumun).

Ang natuklasan ay nagpapahiwatig na ang ginawang pag-aaral ay kapaki-pakinabang lalo na sa kasalukuyan na unti-unti ng inilibing sa limot ng mga kabataan ang kanilang taal na wika. Ang pag-aaral o pangngalap sa mga orihinal o taal na wika ay maituturing na pagpapausbong sa mga paksang pangwika sa kadahilanang pumapaloob ito sa konteksto ng lokalisasyon kung saan nabibigyang-puwang ang kalahalagahan ng mga lokal na wika. Mababatid na ang taal ay maituturing na pekulyar para sa mga bagong henerasyon dahil ito ay bago sa kanilang pandinig. Ang mga nakalap na salita ay makatutulong bilang supplementaryong materyal sa mga gurong nagtuturo ng Mother Tongue.

CONCLUSION AT RECOMMENDATIONS

At dahil sa tuloy- tuloy na interaksyon at pakikipag- ugnayan sa mga miyembro ng isang grupo o komunidad nagkakaroon ng mga katangian ang salita ng isang pangkat ng tao na naiiba sa mga miyembro ng ibang grupo o komunidad. Dahil na rin ito ng magkaibang interes, kapaligiran at ekspresyon ng isa't isa. Ang mga kinagisnan na wika tulad ng Southern Leyteñong Binisaja ay may kanya-kanyang leksikal na katangian na angkop gamitin bilang supplementaryong kagamitan sa pagtuturo ng Mother Tongue Based Learning Education.

ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang kakailanganin sa graduwadong pag-aaral ng Southern Leyte State University-Tomas Oppus sa programang MaEd-Filipino.

REFERENCES

- [1] Alvarado, E., Bacalla, L. at Largo, R. (2018). Varayti ng wikang Sugbuanong binisaya sa Hilagang Cebu. *Global Journal of HUMAN-SOCIAL SCIENCE: C Sociology & Culture*, 18 (4). https://globaljournals.org/GJHSS_Volume18/3-Varayti-Ng%20-Wikang-Sugbuanong.pdf
- [2] Borong, N. (2022). Language alteration in Leyteñong binisaja of the Fifth District of Leyte. *Journal of Educational and Human Resource Development (JEHRD)*, 10. <https://doi.org/10.61569/b5g6fb45>
- [3] Borong, N. (2019). Morphological variations of the dialects in Western and Southern Leyte. *Journal of Educational and Human Resource Development (JEHRD)*, 7, pp. 41-52, <https://doi.org/10.61569/4r8ssg26>
- [4] Pelesco, J. at Borong, N. (2021). Mga bahagi ng pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal: implikasyon sa pagtuturo ng mother tongue. *International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST)*, 6(7). <http://www.imjst.org/wp-content/uploads/2021/07/IMJSTP29120536.pdf>